Pangalan: _____
Petsa Nang Nagsimula: _____ Petsa Nang Natapos: _____ Marka: _____

Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto
Paggamit ng mga Angkop na Pang-ugnay

I. PANUTO: Piliin sa loob ng kahon ang tinutukoy sa bawat pahayag. Isulat sa patlang ang letra ng tamang sagot.

_____ 1. Ano ang tawag sa uri ng pang-ugnay na nagdurugtong sa panuring at tinuturingan sa loob ng pangungusap?
_____ 2. Ano ang mga kataga o salitang ginagamit sa pang-ukol?
_____ 3. Ano ang tawag sa uri ng pang-ugnay na nag-uugnay sa pangngalan sa iba pang salita sa pangungusap?
_____ 4. Ano ang mga kataga o salitang ginagamit sa pangatnig?
_____ 5. Ano ang tawag sa uri ng pang-ugnay na gumagawa at nagsasaad ng kaugnayan ng isang salita sa kapuwa salita o ng isang kaisipan sa kapuwa kaisipan?
_____ 6. Ano ang mga kataga o salitang ginagamit sa pang-angkop?

II. PANUTO: Basahing mabuti ang sumusunod na tanong at bilugan ang letra ng tamang sagot.

7. Ang malapad ___ ilog ang pinagkukunan nila ng tubig. Ano ang wastong pang-angkop sa pangungusap?
a. na b. -ng c. -g d. nang

8. Mayroong malaki___ problema ang bayang ito. Ano ang wastong pang-angkop sa pangungusap?
a. na b. -n c. -g d. nang

9. Mahalagang makisangkot ang bawat isa sa lipunan___ kaniyang ginagalawan. Ano ang wastong pang-angkop sa pangungusap?
a. na b. -ng c. -g d. nang

10. Tunay ngang ang Pilipinas ay mayaman sa likas na yaman _____sa kapabayaan ng mga tao ito ay patuloy na nasisira.
a. bagama't b. subalit c. at d. para

11. Ang mga mag-aaral sa kasalukuyan _____ ang kanilang mga magulang ay labis nang nangangamba sa kung ano ang kahihinatnan nila sa darating na mga taon sapagkat sila'y bunga ng *online class.*
a. para sa b. sa madaling sabi c. maging d. samantala

12. Ang isang kaibigan malalapitan sa oras ng pangangailangan _____ isang pamilya.
a. tulad ng b. subalit c. at sa wakas d. saka ng

13. _____ aking kaibigan, dapat naming paghusayan ang pag-aaral para makapasok kami sa aming pangarap na paaralan.
a. alinsunod sa b. ayon kay c. ayon sa d. ukol sa

14. Ang wikang Filipino ay dapat pagyabungin at pagyamanin salig sa umiiral na wika sa Pilipinas at sa iba pang mga wika _____ sa Arikulo XIV seksyon 6 ng saligang batas ng Pilipinas.
a. para sa b. tungkol sa c. alinsunod sa d. bagay sa

15. Ang mga kabataan ay sama-samang dumudulog sa pamahalaan _____ maayos na antas ng edukasyon sa Pilipinas at de-kalidad na mga pasilidad sa mga paaralan.
a. hinggil sa b. ayon sa c. laban sa d.para sa